Pangalan: Abdul Aziz Albino Mequizo Jr
Paksa ng Khutbah: “Ang Panganib ng Dila”
Isinaayos ni: Bro. Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 12, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, tunay na napakadakila ng pag-ibig sa atin ni Allah Subhanahu Wa Ta’Ala. Nilikha Niya ang lahat ng bagay na napakahusay. Ang kalawakan o universe ay nilikha Niya na may layunin para sa ating kapakinabangan. Kanyang nilikha ang Mundo upang ating maging pansamantalang tahanan at nilagyan Niya ito ng lahat ng ating mga pangangailangan katulad ng tubig na maiinom, karagatan at lahat ng nilalaman nito, hangin na nalalanghap, mga pananim at bungang-kahoy bilang panustos sa lahat ng Kanyang mga nilikha at dito tayo susubukin ni Allah para sa inilaang buhay na walang hanggan, maaaring parusa sa Impyerno kung tayo ay susuway sa Kanya o kaya'y gantimpala sa Paraiso na puno ng kasaganahan at kasiyahan kung tayo ay sumunod sa Kanya. Ang lahat ng bagay na ating pinagsusumikapan dito sa mundo ay kabilang sa mga pagsubok. Hindi masama ang mangarap kung ito ay sa layuning ikalulugod ni Allah. Nilikha ni Allah ang tao na may dakilang layunin, siya ay nagsabi sa Qur-an:

﴿ وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ ﴾ الذاريات: 56

***“At hindi ko nilikha ang mga Jinn (o mga engkanto) at mga tao maliban sa Ako’y sambahin lamang nila.”*** (Adh-Dhariyat : 56)

Ang lahat ng bahagi ng ating katawan ay may dakilang layunin at likas na pagsunod kay Allah. Tingnan po natin ang ating mga kamay. Bakit hindi pantay-pantay ang sukat ng mga daliri nito? May mahaba, maiksi, mataba, payat at katamtaman. Atin bang inaakala na ito ay sanhi lamang ng isang aksidente? Katulad ng paniniwala ng mga walang pananampalataya, na tayo raw ay nagmula sa isang malaking pagsabog o Big Bang theory? Si Allah ay Makapangyarihan, sasabihin lang Niya "Kun" at ito'y mangyayari. Marahil, sa lakas ng impact ng kapangyarihan sa pagkalikha ng lahat ay siyang naging basihan ng Big Bang Theory. Sa lohikal na pananaw ang explosion ay hindi maaring magkaroon ng creation maliban na lamang sa distraction o pagkawasak.

Ang ating mga tainga ay nakakarinig at ang ating mga mata ay nakakakita. Alam niyo po ba na mayroong mekanismo ang ating mga mata na tinatawag na lens na walang katulad sa iba? Sa katunayan, ito ay ginagamit ng mga autoridad sa paglutas ng krimen at sa pagkakilanlan ng isang tao. Hindi ba natin naiisip kung gaano kadakila ang may likha sa atin at hindi ba't nararapat lamang na tayo ay sumuko at mag-alay ng pagsamba sa Kanya? Ang ating mga puso na nakakaramdam ng pagmamahal, pagnanasa, kasiyahan at kalungkutan, ito ba ay inilagay lamang sa ating katawan upang maging palamuti? Ang ating mga utak na may angking kakaibang talino na nakakatuklas ng mga makabagong teknolihiya. Patunay lamang na tayo ay espesyal sa lahat ng mga nilikha ni Allah at ang lahat ng mga ito ay may kani-kaniyang layunin at tayo ay may pananagutan kung paano natin ito ginamit sa Mundong ibabaw. Ang lahat ng mga ito ay magiging saksi laban sa atin o kaya ay para sa atin sa Araw ng Paghuhukom, lalung-lalo na ang ating dila. Ito ay Isang bahagi ng ating katawan na binanggit sa Qur-an:

﴿ أَلَمْ نَجْعَل لَّهُ عَيْنَيْنِ (8) وَلِسَانًا وَشَفَتَيْنِ (9) ﴾ البلد: 8-9

***"Hindi baga Namin nilikha ang kanyang dalawang mata at ang dila at ang mga labi?"*** (Al-Balad: 8-9)

At kung hindi gamitin ang dilang ito sa mga pagsunod kay Allah ay magiging walang kabuluhan sa may-ari ng dilang ito. Kaya't nararapat lamang na maging maingat tayo sa paggamit nito. Makabanggit lang tayo ng ilan sa mga gawain ng ating dila na mapanganib, ito ay magaan sa ating dila subalit mabigat na kasalanan para kay Allah na dapat nating iwasan. Una ay ang "Gheeba", ito ay

panlilibak, mga bagay na pinag-uusapan laban sa isang kapatid na wala ang kanyang presensya kahit ito man ay may katotohanan.  Pangalawa ay ang “Buhtan”, o paninirang puri, mga bagay na pinag-uusapan laban sa isang kapatid na wala ang kanyang presensya at ito’y walang katotohanan. Pangatlo ay ang “Nameemah”, mga bagay na pinag-uusapan laban sa isang kapatid at pinag-aaway-away niya ang mga ito, katulad nang lalapit ang isang kapatid at nagsasabi; “O Fulan, alam mo ba ang sinabi ni Ulam sa iyo?” Pagpunta niya kay Ulam sasabihin naman niya na; “O, Ulam alam mo ba ang sinabi ni Fulan sa iyo?”  Kahit na kung minsan ay gusto lamang natin na may kakampi tayo sa ating pinagdadaanan  at kung ito naman ay maging daan sa pagkawatak-watak mainam pa sa atin ang manahimik na lamang at  palawakin ang ating pang-unawa.  At ang panghuli ay ang “Ifq”, ito ay pagsisinungaling o pag-imbento ng kuwento na hindi talaga totoong nangyari.

Minsan ay may mga pagkakataon na mayroong kapatid na lalapit sa iyo upang maglabas lamang ng sama ng loob sa isang kapatid. Alalahanin natin ang panganib na lalabas sa ating dila kaya’t nararapat lang na payuhan natin siya sa katotohanan at pagtitiis. Paano natin mapipigilan ang mga bagay na kinapopootan ni Allah? Nararapat sa atin na mangibabaw ang takot at humingi ng tulong kay Allah upang tayo ay paalalahanan ng pananahimik, kung hindi rin lang naman kailangan ang ating sasabihin. Ang sabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"مَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الآخِرِ فَلْيَقُلْ خَيْرًا أَوْ لِيَصْمُتْ." رواه مسلم

*“Sinuman ang naniniwala kay Allah at sa Huling Araw ay magsalita ng mabuti o kaya ay manahimik nalang.”* (Inulat ni Muslim)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, sa panahon natin ngayon ay napakadali na lamang ang mga bagay lalo na sa social media at marami sa atin ang nahumaling dito. Madali at mabilis ang pagkalap ng impormasyon at mabilis din ang pagkalat ng Fitnah. Isang click mo lang, nag-like at share ka lang sa mga maling balita o fake news, ikaw ay kabilang na sa pagkakasalang iyon. Nakakatulong ang paggamit ng social media kung ito ay sa pagsasaliksik ng kaalaman sa Islam at sa mga bagay na mahalaga, subalit nakakasama kung ito ay maaabuso sa pagkalat ng maling impormasyon.

Alalahanin natin mga kapatid na tayo ang gumagawa ng ating sariling aklat. Kapag inabot sa iyo ang iyong aklat sa kanan, nangangahulugan ito ng magandang balita, ngunit kapag inabot sa iyo ang iyong aklat sa kaliwa, ito ay masamang balita para sa iyo. Kung ano ang gusto mong mabasa sa Araw ng Paghuhukom para sa iyong sarili ay gawin mo na ngayon. Tiyakin natin na mayroon tayong mga sikretong Sadaqah at lahat ng ating mga ‘Ibadah ay Lillah (alang-alang kay Allah). Paramihin natin ang pag-alaala kay Allah, ang mga Dhikr. Itayo natin ang mga Sunnah at Tahajjud upang maidagdag sa ating mga mabubuting gawa at maitala sa ating aklat.

Mga kapatid, kung mayroon tayong nagawang pananalita laban sa ating kapatid, ay huwag nating hintayin na darating ang Araw ng Paghuhukom na hindi tayo nakipag-ayos sa kanya. Humingi tayo ng tawad sa mga nagawa nating sinasadya at di-sinasadyang pananalita laban sa kanya. Ang ganitong uri ng kasalanan ay kabilang sa mga malalaking kasalanan na kinakailangan ng pagta-tawbah at paghingi ng tawad sa tao bago ka patawarin ni Allah. Huwag nating sayangin ang ating mga mabubuting gawa sapagkat sa Araw ng Paghuhukom ay walang makakapasok sa Paraiso nang hindi kayo nagkaka-ayos at hindi nasisiyahan sa isa’t isa.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***